

Episode 1 & 2: Tropang Maruya

"Kada Tropa" Session Guide

Episode 1 at 2: "Tropang Maruya"


I. Mga Layunin
<ol style="list-style-type: none">1. Naipakikita ang kakayahan, katangian at paraan ng pag-iisip batay sa "brain preferences".2. Naiisa-isa ang mga salita na makatutulong sa pagiging matagumpay ng isang entrepreneur:<ul style="list-style-type: none">• Pagkamalikhain• Lawak ng pananaw• Talino at kakayahan• Paninindigan• Pagmamahal sa gawain• Pagiging sensitibo sa damdamin ng iba• Katatagan at pagkamatiyaga3. Natutuklasan ang sariling katangian4. Nakikilala ang pagkakaiba ng ugali at paraan ng pag-iisip ng bawat isa.
II. Paksa: "Tropang Maruya"
Katangian, kakayahan at paraan ng pag-iisip batay sa brain preferences. "Tropang Maruya" video
III. Pamamaraan
Bago manood ng programa, itanong ang sumusunod: <ol style="list-style-type: none">1. Ano ang papasok sa isip kung marinig ang pamagat na "Tropang Maruya"?2. Ano ang alam mo tungkol sa paksa?3. Ano pa ang gusto mong malaman tungkol sa maruya?4. Sa palagay mo bakit "Tropang Maruya" ang pamagat ngating panonoorin?5. Maghuhulaan tayo ngayon. Isulat ninyo sa inyong papel kung ano ang gagawin ng tropa para magtagumpay. <p>Sabihin:</p> <ol style="list-style-type: none">6. Basahin ang isinulat ninyo. Tingnan natinkung ang hula ninyong mangyayari ang magaganap sa video na ating panonoorin. Pagkatapos mapanood ang programa A. Activity (Gawain) <ol style="list-style-type: none">1. Itanong:

- Anu-ano ang tanim ninyo sa paligid ng bahay?
- Paano ninyo pinakikinabangan ang bunga ng mga tanim? Kumikita ba kamo kayo? Paano kayo kumikita?


- Hal. Mga prutas
Saging. Ang saging ninyong tanim ay saba. Anu-ano ang inyong magagawa sa saging?

2. Magpapakita ang mobile teacher ng maruya. Ilarawan sa brown paper o sa pisara.

Ipalagay natin na maruya ang nasa pisara. Bumuo tayo ng usapan upang mapatunayan na maaaring maging mahalaga ang maruya. Punuin ninyo ang mga palibot ng larawan. Ipakita na maaaring pagkakitaan ang maruya.



3. Ngayon, buuin natin ang sumusunod na bahay ng gagamba. Isulat sa malamesang larawan ang maidadagdag sa kinikita ng ginagawa nating maruya.



B. Analysis (Pagsusuri)

Pagtatalakayan:

1. Paano madadagdagan ang inyong kita sa pagtanim ng mga punong namumunga? Ng saging?
2. Paano ninyo aayusin ang kapaligiran para madagdagan ang inyong kita?
3. Sa palagay mo basa iyong mga ginawa isa ka ng entrepreneur?
4. Lumigid kayo sa silid-aralan, isulat ninyo sa mga brown paper kung bakit masasabi mo na maaari ka nang maging isang entrepreneur.

Hal.

Naniniwala ako na may posibilidad na ako'y maging isang entrepreneur.

Malawak ang aking pananaw sa mga nakikita kong pagkakakitaan sa kapaligiran.


Matalino ako at may angking talento.

May pagkamalikhain ako.

Mapamaraan ako.

Kaya kong sumubok
para kumita.

5. I-role play nga ninyo ang pag-uugali nina Nestor, Lisa, Andrea at Bill.
6. Isa-isahin mo ang katangian ni Aling Myrna bilang tintera ng maruya.
7. Magpakita ng larawan ng utak.



Itanong: Sino sa mga tauhan ang gumagamit ng left brain/right brain? Ipalawanag.

C. Abstraction (Generalization)

Nakilala mo na ba ang iyong sarili? Ilarawan mo kung gayon na kilala mo na ang pagiging entrepreneur mo.

Hal.

- Hindi ako madaling sumuko.
- Kilala ko ang aking kapaligiran.
- Ako'y malikhain.
- Mahilig akong gumawa ng pagsubok.
- Marunong akong tumanggap ng palagay o pananaw ng iba.

D. Paglalapat (Application)

1. Pangkatin ang klase upang makabuo ng skit tungkol sa paksang ito:

Paano matutulungan si Aling Myrna na mapalago ang hanapbuhay ayon sa pinapangarap nila para sa kanilang kinabukasan?

Andrea
Bill

Liza
Nestor

IV. Pagtataya

1. Ilarawan ang sarili ayon sa paraan ng pag-iisip.
2. Bumuo ng isang proyekto upang mapalago ang pagtitinda ng kakanin.
3. Bumuo ng isang sanaysay o tula o tugma na naglalarawan sa natutuhang konsepto sa pinanood na programa.

Episode 3: Tropang Swak (Part 1)

"Kada Tropa" Session Guide

Episode 3, Part 1: "Tropang Swak"

V. Mga Layunin

1. Natutukoy ang pangunahing kaalaman sa pagtatayo ng isang negosyo.
2. Nasasabi ang mga natatanging kakayahan sa pagtatayo ng negosyo.
3. Naiisa-isa ang mga paraan sa pagpapalano ng isang negosyo.

VI. Paksa: "Tropang Swak," Part 1

Kagamitan: Video program

Mga larawan ng mga customer sa mga computer shop at iba't ibang pangkat na gumagamit ng cell phone: labandera, tricycle driver, manlalaro, kabataan.

VII. Pamamaraan

Bago Panoorin ang Programa

1. Pagbalik-aralan ang "Tropang Maruya".

Itanong: Paano naging matagumpay ang Tropang Maruya?

Ipalarawan ang katangian ng mga tauhan ng Tropang Maruya.

2. Magmasid kayo sa inyong pamayanan. Ano kaya ang maaaring pagkakitaan?

3. Sa inyong palagay magtatagumpay kaya ang tropa sa kanilang pagbabago ng pagkakakitaan?

Pagkatapos Manood ng Programa

A. Activity (Gawain)

Kunwa'y ang "Learning Center" ay isang computer shop. Ipantomina ang mga nangyayari sa computer shop.

- Mga naghihintay ng pagkakataong maglaro.
- Mga miron na nakikialam sa mga naglalaro.
- Mga napipikon sa ginagawa ng mga miron.
- Mga nag-aalok ng kendi at sitsirya.

B. Analysis (Pagsusuri)

1. Sa palagay ninyo alin sa mga pangkat na nakita ninyo sa computer shop ang magtatagumpay. Ipaliwanag.
2. Ipabasa ang heading o paksa na nakasulat sa bond paper:

Mga Hakbang na Susundin sa Pagnenegosyo...

3. Bibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na isulat ang mga hakbang sa pagtatayo ng negosyo.
4. Pagpares-paresin ang mag-aaral. Bawat pares ay pag-uusapan ang mga hakbang na dapat sundin sa pagtatayo ng negosyo. Pag-uusapan ng magkapares ang tungkol sa hakbang na natukoy nila. Ibahagi ito sa mga kaklase upang mapagtalakayan (Pair Share).
5. Balikan ang kakayahan ni Aling Myrna ng Tropang Maruya na nakaimpluwensiya sa pagtatayo ng negosyo ni Nestor.
6. Pag-usapan ang epekto ng pagiging mapagmasid sa inaasal ng mga customer bilang isang hakbang sa pagnenegosyo.
7. Hatiin ang klase. Hayaang talakayin ng bawat pangkat ang maaaring maging epekto ng pagiging mapagmasid sa pagsulong ng negosyo. Ibahagi sa klase ang napagkasunduan ng bawat grupo.
8. Magbigay ng suliraning pambilang tungkol sa pamumuhunan sa bagong negosyong itatayo.

C. Abstraction (Paglalahat)

- Ipakita ang larawan ng: mata, bibig, tainga, ilong at kamay.
- Iparole-play ang magagawa ng bawat bahaging ito ng katawan sa pagtatayo at pagsulong ng itatayong negosyo.
- Hayaang iugnay ng mag-aaral sa customer at kapaligiran ang mga ito.

D. Application (Paglalapat)

Patnubayan ang mag-aaral na gumawa ng skit tungkol sa pagpapalano o

pagtatayo ng negosyo. Maaari itong ipamagat sa skit:

Itatayo kong Negosyo: Magtatagumpay Ako

VIII. Pagtataya

1. Pagawin ang mag-aaral ng isang kunwa'y ginawang pagmamasid sa isang matagumpay na negosyo.

Episode 4: Tropang Swak (Part 2)

"Kada Tropa" Session Guide

Episode 4: "Tropang Swak," Part 2

IX. Mga Layunin

4. Nakikilala ang negosyo na swak sa hilig o interes.
5. Nasasabing swak ang negosyo kung:
 - May pinupunang pangangailangan
 - Binabalik-balikan ng customer
 - Kumikita ang negosyo
6. Natitiyak na nagagamit ang mga bahagi ng katawan na mahalaga sa pagnenegosyo gaya ng:
 - Mata – mag-observa
 - Bibig – magtanong
 - Ilong – matalas na pangamoy
 - Kamay - makalikha
7. Naipaliliwanag ang kahulugan ng BaTukTaLi.


X. Paksa: "Tropang Swak, Part 2" Episode 4

Kagamitan: Mga larawan ng bahagi ng katawan na mahalaga sa pagnenegosyo
Video program ng "Tropang Swak, Part 2"

XI. Pamamaraan

Bago Manood ng Programa

4. Sa pamamagitan ng Venn Diagram paghambingin ang katangian ng "Tropang Maruya" at "Tropang Swak," Part 2.



5. Punan ang diagram batay sa natutuhan mo sa unang dalawang programang pinanood.

Alam ko	Natutuhan ko	Gusto ko pang Malaman
Nagtatagumpay ang isang negosyo dahil sa pagiging masakap ng nagtatayo nito	Natutuhan ko na nagtatagumpay ang isang negosyo kung ang nagnenegosyo ay marunong makibagay at mapagbigay.	Anu-ano pa ba ang mahalagang salik para magtagumpay ang isang negosyo?

Gawing pangkatan ang pagpupuno ng graphic organizer.

Pangkatin ang klase sa dalawa at papunan ang graphic organizer.

Talakayin ang nabuong graphic organizer.

Itanong: Ano-ano ang pagkakahawig ng "Tropang Maruya" at "Tropang Swak"? Paano sila nagkakaiba?

Ano-ano ang natutuhan mo sa panonood ng "Tropang Maruya" at "Tropang Swak"? Anu-ano pa ang gusto mong malaman?

Pagkatapos Panoorin ang "Tropang Swak"

E. Activity (Gawain)

1. Kunwa'y ang mga retrato sa brown paper ay ang mga magkakasosyo sa

“Tropang Swak”. Idikit mo ang mga larawan ng mga tauhan sa “Tropang Maruya” at “Tropang Swak” sa brown paper. Piliin mo ang pinakamalapit sa puso mo. Isulat sa tapat ng larawan ang katangiang nagustuhan mo. Pagkatapos ng gawain, pag-usapan ang ginawang gawain.

2. Kunwa’y kayo ang bahagi ng “Tropang Swak”. Isabuhay ninyo ang balak ninyong gawin para magtagumpay ang itinatayo ninyong negosyo.

F. Analysis (Pagsusuri)

Sabihin: Hahatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Ang isang pangkat ay bubuuin ng mga kasali sa “Tropang Swak”.

Ang ikalawang bahagi ay mga naging tulong nila sa pag-unlad ng “Tropang Swak”.

Nasa kahon ang pangalan. Bumunot kayo ng isa at bigyang-halaga ang ginawa nito.

- Customer – masyadong agresibo; masyadong manghingi ng pansin
- Balentina – mapanghinala, lalo na kung ang pamangking si Vilma ang nakasalalay
- Nestor – nagsisikap na maitayo nang maayos ang negosyo
- Ding – gustong mabili ang lahat ng kailangan ng shop
- Vilma - inaasam ang tagumpay sa negosyo at sa pag-ibig
- Customer – medyo pasikat; medyo mapaghanap ng wala

Alamin din ang kahulugan ng BaTukTaLi.

Pag-usapan ang kahulugan ng bawat patinig, hal. Ba- Balangkasin

Bigyan ng pagkakataon na magbigay ng halimbawang gawain sa bawat pantig.

Ba – Tuk – Ta – Li

G. Abstraction (Paglalahat)

- Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Pag-uusapan nila ang kahulugan ng BATUKTALI. Bawat miyembro ng pangkat ay may kanya-kanyang bilang. Tatawag ang guro ng bilang. Ang may-ari ng bilang ang tatalakay sa bawat pantig ng BATUKTALI. Gagawin ito hanggang maipaliwanag ang BATUKTALI.
- Buuin ang kahulugan ng BATUKTALI.
- Ang dating grupo ay dudukot ng iba-ibang bahagi ng katawan. Gaya ng unang gawain, iyon din ang gagawin sa pangkat ng bahagi ng katawan: mata, ilong, tainga, bibig. Bubuo ng paglalahat ang mag-aaral.

H. Application (Paglalapat)

Subuking gamitin ang natutuhan sa pagbubuo ng pagnenegosyo ng bananacue o pagtitinda ng lumang damit at lumang kagamitan. Ipakukuwento ang nabuong negosyo.

XII. Pagtataya

Bumuo ng isang proyekto ng pagnenegosyo ng lumang damit.

“Tropang Drama Queens”

“Kada Tropa” Session Guide

Episode 5: “Tropang Drama Queens”

XIII. Mga Layunin

8. Naipaliliwanag ang kahulugan ng star o drama queen.
9. Natatalakay ang kahalagahan ng kapaligirang panlabas at panloob sa negosyo.
10. Natutukoy ang mga salik pang-ekonomiya (pananalapi, pamumuhunan, puwersang paggawa, pamilihan); pang-ekolohiya gaya ng konserbasyon, wastong paggamit at pangangalaga sa kapaligiran.


XIV. Paksa: Episode 5, “Tropang Drama Queens”

Kagamitan: Video program; iba-ibang diagram ng pagbuo konsepto

XV. Pamamaraan


Bago Manood ng Programa

1. Buuin ang sumusunod na mapa ayon sa mga naunang programa. Ilarawan ang ibig sabihin ng bawat pantig.



2. Buuin ang diagram ayon sa pagkaunawa ng bahaging ginagampanan ng bawat bahagi ng katawan na binabanggit.

Paano ginagamit ang mga bahaging ito sa pagnenegosyo



3. Isulat ang ilang bokabularyo sa papel. Pabunutin ang mag-aaral ng isa at hayaan ang kanilang pakahulugan dito.

tropa kada proposal
swak customer negosyo
swanker

4. Sabihin: Kung may Tropang Maruya, may Tropang Swak at ngayon naman may Tropang Drama Queens, sa palagay ninyo ano ang katuturan ng Tropang Drama Queens? Magiging maayos ba...?

Pagkatapos Mapanood ang Programa

I. Activity (Gawain)

3. Bumuo tayo ng tatlong pangkat ng magtitinda:

Pangkat ng magugulay	Pangkat ng mag-iisda	Pangkat ng magpuprutas
-------------------------	-------------------------	---------------------------

Ipaliwanag ninyo kung paano ninyo mapalalago ang inyong negosyo.

4. Isabuhay ninyo ang mga katangian nina Vilma, Guy at Shawie. Sino sa kanila ang tatahanghalin ninyong reyna ng tropa. Panindigan ang inyong sagot.

J. Analysis (Pagsusuri)

1. Mahalagang salik ba sa pagnenegosyo ang binabanggit ng magkakapatid?

Hatiin sa tatlong pangkat ang klase. Bibigyan ng topic na tatalakayin ang bawat pangkat.

Hal. Tatalakayin ng unang pangkat ang panlipunan at pampulitika.

Pangalawa'y pang-ekonomiya.

Pangatlo ay pang-ekolohiya o likas na yaman at teknolohiya

Patnubayan ang bawat pangkat ng maaaring mangyari:

Talakayin ang magiging epekto ng salik na ito sa pagnenegosyo.

2. Maghati tayo ngayon. Talakayin natin ang epekto ng

- a. populasyon, edukasyon, edad, kasarian

- b. kalusugan, kabuhayan, kita at paniniwala

Pagdebatihan ang higit na makaaapekto sa negosyo.

3. Hingan ng opinion ang mag-aaral tungkol skanilang obserbasyon sa negosyo ng kapangyarihan, pamunuan at batas.

K. Abstraction (Paglalahat)

- Ipatala sa ibibigay kong papel ang mga napagkayariang mga salik sa pagtatayo ng mini mart.
- Batay sa napag-usapan, maging matagumpay kaya ang MM ng Tropang Drama Queens?

L. Application (Paglalapat)

Hayaang magpangkat-pangkat ang mag-aaral upang makapagtayo ng MM. May pangkat na magtatayo at may pangkat ng mamimili. Kunwari-kunwarian lamang ang gawain.

XVI. Pagtataya

- Gumawa ka ng plano para makapagtayo ng MM.

“Tropang Action Stars”

“Kada Tropa” Session Guide

Episode 6: “Tropang Action Stars”

XVII. Mga Layunin

11. Naipaliliwanag ang kahulugan ng marketing at ang sekreto nito sa tagumpay ng negosyo.
12. Nasasabi kung ano ang pakinabang, katangian at kalamangan ng isang negosyo.
13. Natutukoy ang 10 commandments ng pagnenegosyo at pag-aalaga ng kostumer.

XVIII. Paksa: “Tropang Action Stars”

- Kahalagahan ng marketing, sekreto ng marketing
- Pakinabang, katangian at kalamangan ng negosyo
- 10 commandments sa pagnenegosyo at pag-aalaga ng costumer
- Halaga ng produkto

Kagamitan:Larawan ng laundry shop; larawan ng isang labandera sa ilog at sa likod-bahay

XIX. Pamamaraan

Bago Manood ng Programa

5. Hayaang irole-play ang mga pangyayari sa:
 - Tropang Maruya
 - Tropang Swak, Part 1
 - Tropang Swak, Part 2
 - Tropang Drama Queens

6. Magbigay ng isang kasanayan sa pagnenegosyo na napulot sa isa sa mga tropa.
Hayaang sabihin ng isa sa mga kapangkat kung paano ito maisasakatuparan.

7. Ibigay ang inaasahang natutuhan sa "Tropang Action Stars".

Pagkatapos Panoorin ang Video Program

M. Activity (Gawain)

5. Magpakita ng larawan ng labandera. Pag-usapan ang hirap na dinaranas nito.

6. Magpakita ng larawan ng mga taong nagdadala ng maruming damit sa klaundry shop. Kung paano sila pinaglilingkuran ng mga trabahador.


Itanong: Paano nagkakaiba ang dalawang larawan?

N. Analysis (Pagsusuri)

4. Alin sa palagay ninyo sa dalawang larawan ang pagkakakitaan ng malaki? Ipaliwanag ang inyong sagot.
5. Magpangkat kayo sa apat. Isang pangkat ang gaganap na FPJ, Binoy, Ipe at Daboy. Ibigay ang kani-kanilang paniniwala sa pagnenegosyo. Pag-usapan kung alin ang patok.

Itanong: Sa paanong paraan sila naging patok?

6. Pag-aralan ang sumusunod na diagram:



- Ano ang kabutihang idudulot ng paghahanap ng customer?

- Anong pagsubok ang iyong haharapin?

Hayaang magbigay ng kani-kanilang opinion ang bawat pangkat.

7. Pumili kayo ng kard sa ating pocket tsart. Sabihin mo ang papel na gagampanan nito sa pagtatayo ng laundey shop.
8. Mahalaga ba sa negosyo ang karatula? Halimbawa'y magtatayo kayo ng laundry shop, magbigay kayo ng pangalan na magiging patok na patok sa mga kostumer.

Hal.
Sulok na Malinis
Labadaba
Mare, Pahinga Muna
May Bayad Nga! Kontento Naman!

9. Bawat isa sa inyo ay umisip ng isang utos para umunlad ang negosyo. (Ipapaulit ang isinulat sa freedom wall. Pagkatapos magpaskil ang lahattukuyin ang mahahalagang utos. Ipatala sa brown paper.)

O. Abstraction (Paglalahat)

Gumawa ng tsart ng mga salik na mahalaga sa pagtatayo ng negosyo.

P. Application (Paglalapat)

Magpangkat kayo. Bumilang ng 1, 2, 3. Lahat ng 1 ay isang pangkat. Ganoon din ang 2 at 3. Bumalngkas ang bawat pangkat ng isang negosyo. Sundin ang mga alituntuning ating nabuo.

XX. Pagtataya

1. May apat tayong tauhan sa pagnenegosyo. Pumili ng isa at itala ang haharapin mo sa isang negosyo.
2. Sumulat ng 2 utos sa pagnenegosyo. Magbigay ng halimbawa kung paano mo isasagawa.

“Tropang Japorms”

“Kada Tropa” Session Guide

Episode 7: “Tropang Japorms”

XXI. Mga Layunin

14. Naipaliliwanag kung paano intindiin, hawakan at ayusin ang pananalapi ng negosyo.
15. Nakikilala ang talaang pananalapi hanggang sa netong kita.
16. Nasasabi na dapat unawain at pag-aralang mabuti ang pananalapi nang hindi malugi ang negosyo.

17. Natutukoy kung paano maiingatan ang kita ng inyong negosyo.

XXII. Paksa: Episode 7, "Tropang Japorms"

Kagamitan: Larawan ng ukay-ukay store, grupo ng mga bagets sa campus, mga tindahan na pagkakaguluhan ng mga bagets at video program.

XXIII. Pamamaraan

Bago Manood ng Programa

8. Ipakanta ang tugma sa himig ng "Bakya Mo Neneng".

Labandera ko
Sabon, palo-palo
At saka tubig ang kasangga mo.
Kung umuulan
Ikaw ay malungkot
Walang hanapbuhay
At pagkakakitaan.

9. Ganoon pa man nagtagumpay ang Tropang Japorms. Sa paanong paraan?

10. laksyon nga ninyo ang 10 utos sa pagnenegosyo.

Pagkatapos Panoorin ang Video Program

Q. Activity (Gawain)

7. Kumilos kayo na parang bagets. Isa-isahin ang mga gawi ng bagets sa baha, sa paaralan at sa mga mall.

8. Ipa role-play ang sumusunod na pangyayari:
Kayang-kaya ng mga bagets ang ginagawa ng mga matatanda upang kumita ng pera o maragdagan ang kinikita.

R. Analysis (Pagsusuri)

10. Hatiin ang klase sa dalawa. Pumili n glider ng bawat pangkat. Hayaang pagtalunan nila ang katangian ng mga bagets.

11. Sa inyong opinion may ibubuga ba ang mga bagets sa ating programa?

12. Paano ipinakita ng mga bagets na sila’y may kalalagyan?
13. Hayaang pumili ang mga mag-aaral ng kikilanin nilang bagets sa pangkat. Maghahanda naman ang iba ng mga tanong para sa mga bagets.
14. Maghahanda ang matatanda ng interview schedule. Interview schedule ay tungkol sa pagnenegosyo.
15. Ang magiging resulta nito ang pagbabatayan ng talakayan sa pagnenegosyo ng mga bagets.

S. Abstraction (Paglalahat)

1. Balikan ang ginawa ng mga bagets sa video. Pag-usapan ang mga sumusunod:
 - pagiging malikhain ng mga bagets
 - pagtitinda sa campus.
 - pag-unawa ng talaan ng pananalapi; pagtatatag ng produkto at serbisyo
 - ang ginagampanan ng kapitalista at bangko
 - paano mapalalago ang pera
 - pagdaragdag ng investment materials at produkto
 - kahulugan at pagkakaroon ng fixed assets
 - kahalagahan ng talaan ng pananalapi ng benta at kita

T. Application (Paglalapat)

Bumuo ng dalawang pangkat. Bubuo ang bawat pangkat ng isang negosyo batay sa inilahad ng mga bagets. Bibigyan ito ng pagpapahalaga ng pangkat ayon sa nabuong paraan ng mga bagets.

XXIV. Pagtataya

Ipasulat sa brown paper ang napagkasunduang plano ng gagawing negosyo. Hayaang bigyan ng paraan batay sa pamantayang itinataya.

“Tropang Katakot-takot”

“Kada Tropa” Session Guide

Episode 8: “Tropang Katakot-takot”

XXV. Mga Layunin

18. Natutukoy ang tamang pamamaraan sa pamamalakad ng tauhan sa negosyo.
19. Naipaliliwanag ang gamit ng produktibo at serbisyo na nais ng customer.
20. Naisasagawa ang tamang paraan ng mga produkto at pagbibigay ng serbisyo.
21. Naipakikita ang paraan para mahikayat o maudyukan ang tao sa trabaho.
22. Nakikilala ang mga mithiin ng mga trabahador na maaaring ibigay ng mamamahala ng negosyo.
23. Nakapagsasagawa ng tamang pagsasanay upang mahikayat at makabigay ng inspirasyon sa kapwa.
24. Natutukoy ang wastong pagtantiya sa kakayahan ng tao/trabahador.
25. Nagagamit na sukatan ng maayos na produkto at serbisyo ang sinasabi ng customer.
26. Nasasabi ang kagandahang dulot ng mabuting pagsasamahan ng tauhan ng organisasyon.

XXVI. Paksa: Episode 8, "Tropang Katakot-takot"

Kagamitan: Skit tungo sa pagpapalaganap ng maayos na pagnenegosyo.

Hal.

Kuya: Ano ba't abalang-abala ka sa pakikipanayam sa mga tauhan ng tindahan?

Estela: Kuya, makakapulot ako ng magandang pamamaraan sa maayos na pagnenegosyo.

Kuya: Bakit mo naman ??? simulan mo ang mga empleyado.

Estela: Dito malalaman ko ang maganda nilang pakikitungo sa customer at kapwa empleyado.

Kuya: Magbasa ka na lang. Hindi ka pa maaabala.

Estela: Kuya, baka hindi ko makuha sa babasahin ang mamamasid ko.

XXVII. Pamamaraan

Bago Manood ng Programa

11. Ipalagay ninyong kayo ay pangunahing tauhan sa iba't ibang tropa. Sabihin ang kanilang ginagampanang papel sa pagtatayo ng negosyo:
 - a. Bagets
 - b. Drama queens
 - c. Isa sa mga action stars
12. Magbigay ng isang palatandaan ng matagumpay na negosyo. Ipaliwanag kung bakit.
13. Magkuwento ng isang namasid sa pamayanan na negosyo na nagging matagumpay. Ibigay ang dahilan ng kanilang tagumpay.

Pagkatapos Panoorin ang Video Program

U. Activity (Gawain)

9. Itanong: Sino ang naniniwala sa multo? Magbigay ng halimbawa upang mapaniwala mo ang inyong mga kabaryo.
10. Magkunwa kang multo. Gusto mong makatulong sa iyong mga kapamilya. Ano kaya ang iyong gagawin?
11. Magtitinda ng banana cue ang lola mo na namayapa na. Gagayahin mo ba siya? Bakit?

V. Analysis (Pagsusuri)

16. Pag-usapan ang ikinikilos ng mga kasapi sa negosyo.
17. Irole play ang inaasal nina Matet at Lotlot.
18. Pagtuunan ng pansin ang natutuhan nina Matet at Lotlot sa tuwing makikita ang kanilang lola.
19. Hayaang magkani-kaniyang bigay ng mga salitang nagsisimula sa P. Ipatala iyon sa brown paper.
20. Sa ilalim ng bawat salita hayaang magbigay ang mag-aaral ng magandang asal sa pagnenegosyo.

W. Abstraction (Paglalahat)

- Patnubayan ang mag-aaral na bumuo ng mensahe sa pagnenegosna nagmumula sa P.

- Pabuuin ang mag-aaral ng kahalagahan ng salita sa pagnenegosyo.
- Ipalarawan sa mag-aaral ang bagay na gagawin para mapakitunguhang mabuti ang mga empleyado o katulong sa negosyo.
- Hatiin sa tatlo ang klase. Bawat pangkat ay magkukunwang magtatayo ng negosyo. Ikukuwento ng bawat pangkat ang simula hanggang maging matagumpay.

X. Application (Paglalapat)

Bumuo ng isang proposal sa pagtitinda. May katulong. Ang lugar na pagtatayuan.

Ang inaasahang kalalabasan ng negosyo:

Negosyong itatayo	Anyo ng lugar na pagtatayuan	Bilang ng katulong	Halaga ng puhunan	Maaaring tubuin

XXVIII. Pagtataya

Umisip ng paraan upang mapalago ang halagang naipon mo sa paglalako o pagtitinda ng sa malamig.

“Tropang Boksingero”

“Kada Tropa” Session Guide

Episode 9: “Tropang Boksingero”

XXIX. Mga Layunin

27. Natutukoy ang mahahalagang hakbang sa pagtatayo ng negosyo.
28. Nasasabi ang mga bagay na dapat isagawa sa pagpapalano ng sangkap na kailangan sa negosyo.
29. Nailalarawan kung paano nakikilala ang hilig ng mga customer.

XXX. Paksa: Episode 9, "Tropang Boksingero"

Kagamitan: Larawan ng estante ng tinapay sa isang panaderya.
Pangalan o karatula ng isang panaderya.
Video program

XXXI. Pamamaraan

Bago Manood ng Programa:

Aawitin ang sumusunod na tugma sa himig ng "Magtanim ay di Biro":

Pangmatagalang negosyo
Ang aking itatayo
Pamamaraang iba't iba
Susundin sa tuwina

Ugali ng kostumer
Ay aking susundin
Anumang kailangan
Siya kong ibibigay

Iba-ibang paninda
Ay aking ihahain
Anumang magustuhan
Ay aking ibibigay

Pook, tao, paninda
Tunay na mahalalaga
Kikita kong talaga
May layunin kang susundin.

- Ilarawan ang ginawang pagnenegosyo ng mga bagets batay sa awitin.
- Magbigay ng haka-haka sa naging bunga ng pagsisikap ng mga bagets.


Sa palagay ninyo ano kaya ang gagawin ng tropang boksingero?

Pagkatapos Panoorin ang Video Program

Y. Activity (Gawain)

Pag-aralan ang larawan. Ikuwento ito ayon sa mga pangyayari sa tagpo ng

Tropang Boksingero.



Z. Analysis (Pagsusuri)

- May lumiligid bang potpot o magtitinda ng tinapay na nakabisikleta sa inyong lugar?
- Sa palagay mo mananatili ba siyang magtitinda lamang?
- Pangkatin sa apat ang klase. Ipalagay ninyong kayo ang Tropang Boksingero. Ilahad ang gagawin upang maisagawa ang BaTukTaLi.

Unang Pangkat – Balangkasin ang pagtatayo ng panaderya

Ikalawang Pangkat – Tuklasin ang mga hilig ng populasyon

Ikatlong Pangkat – Paano ninyo pagsasamahin ang inyong balak?

Ikaapat na Pangkat – Paano ninyo bubuuin o itatayo ang panaderya?

AA. Abstraction (Paglalahat)

Isusulat ng unang dalawang pangkat sa brown paper ang mensaheng inyong napulot sa ginawa ninyong pagsasanay.

BB. Application (Paglalapat)

Umisip ang bawat pangkat ng pangalan ng panaderyang itatayo.
Ipaliwanag kung bakit iyon ang pangalang napili.

XXXII. Pagtataya

Kunwa'y nagbabalak kang magtayo ng panaderya.
Isa-isahin ang mga hakbang sa pagtatayo ng panaderya.
Isulat ang inaasahang ibubunga ng pagpupunyaging magtayo ng panaderya.

“Tropang Panadero’t Panadera”

“Kada Tropa” Session Guide

Episode 10: “Tropang Panadero’t Panadera”

XXXIII. Mga Layunin

30. Naipakikita/Naisasagawa ang mga katangian ng mabuting entrepreneur.
31. Nasasabi ang sikreto ng isang matagumpay na panadero.
32. Naisasagawa ang mahahalagang hakbang sa pagbubuo ng negosyo.

XXXIV. Paksa: Episode 10, “Tropang Panadero’t Panadera”

Mahahalagang sangkap sa pagtatatag ng panaderya

Kagamitan: Meta cards na kinasusulatan ng mga bokabularyo ng programa

XXXV. Pamamaraan

Bago Manood ng Programa

1. Mga negosyong naitatag ng iba’t ibang tropa. Mahahalagang insight sa pagkakatatag ng iba-ibang negosyo.
2. Mga insights na nakuha sa mga negosyong naitatag.
3. Irole play ang BaTukTaLi na ginawa ng Tropang Japorms sa pagtatag ng negosyo sa campus.

Pagkatapos Panoorin ang Video Program

CC. Activity (Gawain)

1. Kunwari’y magtitinda ka ng monay. Alukin mo ang iyong mga kaklase.

(Pag-aralan kung paano tatanggapin ng mga kaklase ang monay. Tingnan kung ang paraang ginawa ay makatutulong sakaling pagtitinda ng monay ang ititinda.)

DD. Analysis (Pagsusuri)

- Ano ang napansin ninyo sa pagtanggap ng panindang monay sa pagtitinda nina Pik at Pak?
- Bakit kaya nagkaroon ng pagkakaiba?
- Magpangkat kayo nang tig-tatlo. Pag-usapan ninyo ang inyong sagot sa sitwasyon nina Pik/Pak. Bumuo kayo ng pinakaangkop na sagot o dahilan sa pagiging matagumpay sa paglalako ng monay.
- Itala natin sa pisara ang dahilan ng pagiging matagumpay ng pagtitinda ng monay.

EE. Abstraction (Paglalahat)

Isulat natin ang nabuo ninyong dahilan sa matagumpay na pagtitinda.

Hal. 1. Kinilala ang customer/mamimili:

- Hilig
- Lasa na hinahanap
- Lambot na nais
- Ng mga mamimili

Itala natin ang katangian/kalagayan ng pamayanan:

- Mangingisda
- Magsasaka
- Magtitinda
- Maglalako

Paano magiging matagumpay ang itatayong panaderya?

Ipaawit sa himig ng “Magtanim ay di biro” ang tugmang sumusunod:

Magnegosyo’y di biro
Kostumer laging sinusuyo
Pinagbibigyan basta magustuhan
Tubong kaunti pinasasalamatan

Basta't kostumer ay masiyahan.

Kostumer, kostumer
Pangunahin kong sangkap
Sa negosyong itatatag
Nang kumita negosyong binabalak.

FF. Application (Paglalapat)

Bumuo ng limang pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng putahe na maaaring itinda sa ating pamayanan.

Maaaring ganito ang mabuo:

Pangkat 1	Pangkat 2	Pangkat 3	Pangkat 4	Pangkat 5
Pakbet	Adobo	Nilaga (baboy, manok o baka)	Lutong isda (paksiw, sinaing, prito, pangat)	Pansit

Ipalagay natin na magtitinda kayo ng lutong pagkain. Gamitin ninyo ang prinsipyo ng BaTukTaLi upang makapagsimula ng pagtitinda ng lutong pagkain. Ilarawan sa klase ang ginawa ninyong BaTukTaLi. Bumuo ng haka-haka ng maaaring kalabasan tungkol sa itatayong kainan.

XXXVI. Pagtataya

1. Magplano ng pagtitinda upang pagkakitaan sa inyong pamayanan. Itala ang mga bagay na isasaalang-alang sa paghahanda.
2. Iplano ang uri ng tinapay na pagkakakitaan sa inyong pamayanan. Itala ang mga hakbang na gagawin.

“Tropang Kontrabida”

“Kada Tropa” Session Guide

Episode 11: “Tropang Kontrabida”

XXXVII. Mga Layunin

33. Naipakikita kung paano patuloy na mapauunlad ang nasimulang negosyo.
34. Natataya ang kinalabasan ng pagsisikap na mapaunlad ang sinimulang negosyo.

XXXVIII. Paksa: Episode 11, “Tropang Kontrabida”

Kagamitan: Video program

Larawan ng panaderya at naglalako ng tinapay sakay ng bisikleta o sunong sa kahon.

XXXIX. Pamamaraan

Bago Manood ng Programa:

4. Gumawa ng mock interview sa isang nagtayo ng panaderya.

Mga tanong:

- Bakit mo naisip magtayo ng panaderya?
 - Ano-anong tinapay ang un among itininda?
 - Paano madaragdagan ang iyong tinda?
 - Sino ang nagluluto ng tinapay?
 - Magkano ang iyong puhunan?
 - Paano umunlad ang iyong panaderya?
5. Isulat sa bawat baytang ng hagdan ang hakbang na susundin sa pagtatayo ng isang panaderya.

Tinapay kayo diyan!

5

4

3

2

6. Ipabasa ang sumusunod na tula:

Kung magnenegosyo ako
Panaderya ang iatatyo ko
Tiyak walang lugi ito
Tirang tinapay makakain ng pamilya ko.

Bago magsimula
Akin munang tatantiyahin
Kayak o bang magpuyat
Gumising nang maaga
Para magmasa
At saka magtinda

Populasyon ng pamayanan
Akin itong aalamin
Mahilig ba sila sa tinapay
Kung mahilig sila
Makasasapat ba ang kinikita nila
Upang makabili ng tinapay na makabubusog

Lugar na pagtatayuan
Daan ban g tao o sakayan
O kaya naman ay naroon sa looban

Maraming bagay
Ang pagtutuunan ng pansin
Bago magtayo ng panaderya
Na sa akala mo ay kikita

Ngayon, tatasahin natin ang kinalabasan ng pagsisikap na umunlad ng PakMark Panaderya. Kung saan nagkamali ang nagtatag ang ating aalamin.


Pagkatapos Panoorin ang Video Program

GG. Activity (Gawain)

2. Irole play ninyo ang pagdating ng Doña sa Brgy. Busog.
Bigyan ng diin ang pagkabalabog ng panaderya ni Valentina (Margarito).


HH. Analysis (Pagsusuri)

- Isa-isahin ang dahilan ng pagwawala ng Doña.
- Alamin ang dahilan ng pagkasira ng monay ng PakMark Panaderya.
- Punan ang Venn Diagram sa mangyayari sa PakMark Panaderya.



II. Abstraction (Paglalahat)

Punan ang puno ng mga dapat ginawa ni Valentina upang di magbago ang lasa ng tinda nilang monay.



Ipaliwanag mo ang sinasabi ng diagram na binuo natin.

JJ. Application (Paglalapat)

Umisip kayo ng paraan upang mabago ang paniniwala ni Doña sa PakMark Panaderya. Sa tulong ng BaTukTaLi ilarawan ninyo ang dapat gawin nina Pik, Pak, Pek at Pok.

Sa pagbabalangkas

Sa pagtuklas

Paano nila pagsasamahin ang natuklasan?

Ano ang kanilang lilikhain?

XL. Pagtataya

3. Sa inyong pagbabalak na magtinda ng lutong ulam, sundin ang sumusunod na hakbang. Itala ang hakbang para maging matagumpay ang inyong balak.

Sangkap ng produksyon	Proseso (pag-aaral)	Resulta na nais mong makamit

4. Ipaliwanag ang sumusunod na kahulugan sa pag-unlad ng negosyo.

- Kalidad ng produkto
- Pagdeliver ng produkto

- Presyo ng produkto